Steve Kamper
Minister for Small Business
Minister for Lands and Property
Minister for Multiculturalism
Minister for Sport

MEDIA RELEASE

# Mahigit na $600,000 ang ibinigay para sa mga Multikultural na Kapistahan at Kaganapan sa Komunidad

Ika-18 ng Hulyo 2023

Ipinahayag ng Pamahalaan ng NSW na may mga 81 na samahan ng komunidad sa buong NSW ang matagumpay na sumali sa programang Multicultural NSW Stronger Together Festival and Event Grants.

Itong mga samahan ng komunidad ay makikibahagi sa mahigit na $630,000 upang magbuo ng mga pagdiriwang at kaganapan sa darating na walong buwan.

Ang programang Festival and Event Grants ay nagpopondo sa mga komunidad at nagdiwang sa pagkakaiba ng mga kultura sa buong NSW bilang isang napakamahalagang bahagi ng ating pagkakilanlan at paraan ng pamumuhay sa isa sa mga pinaka-magkakaibang Estado sa mundo.

Itong yugto ng programa ay makikita ang mga samahan katulad ng ORISCON sa Dubbo, ang Albury Wodonga Ethnic Communities Council at ang St Mary's Ethiopian Women's Association ng Mt Druitt na mag-oorganisa ng mga pagdiriwang at kaganapan na pakikisalihan ng malaganap na hanay ng mga komunidad.

Ang mga Festival and Events Grant ay naghahalaga ng mula $5,000 hanggang $15,000.

Upang dagdagan ang kaalaman, bisitahin ang: https://multicultural.nsw.gov.au/multicultural-nsw-grants/

### Sinabi ng NSW Minister for Multiculturalism Steve Kamper:

"Mula sa Tweed sa hilaga, sa katimugan ng Albury at lampas sa kanluran ng Dubbo, tayo ay nagpupuhunan sa mga pagdiriwang at kaganapan sa mga kumunidad upang makatulong sa mga katutubo doon na maipagdiwang at maibahagi ang kanilang mga kultura."

"Hindi pinapansin kung saan ka man nakatira o bumisita sa NSW, may pagkakataon na magpakasaya sa maraming makukulay na kultura ng mga magkakaibang tao na nagbubuo nitong dakilang estado."

**MEDIA:** Jonathan Symons | **Minister Kamper** | 0407488158